Mensahe Anim

## Pagpapastol ayon sa Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Juan 21: 15-17; 1 Ped. 5:2; 2:25; Efe. 4:12-16

**I. Ang magpastol ay ang mangalaga ng isang nagpapaloob ng lahat na pag-aaruga sa kawan—Juan 21:15-17; Gawa 20:28:**

A. Ang pagpapastol ay tumutukoy sa pangangalaga sa lahat ng pangangailangan ng mga tupa.

B. Ang lahat ng tupa ay kailangang lubusang matustusan at lubusang mapangalagaan.

**II. Sa pagbabawi ng Panginoon ngayon, may isang matinding pangangailangan ng pagpapastol—Juan 21:16; 1 Ped. 5:2:**

A. Sa Kanyang organikong pagliligtas, isinisilang na muli muna tayo ng Diyos Ama sa pamamagitan ng Diyos Espiritu at pagkatapos pinapastol tayo sa loob ng Diyos Anak bilang ating Pastol nang sa gayon ay umiral at lumago tayo sa Kanyang buhay magpasawalang-hanggan—Juan 3:6; 10:10, 14-16.

B. Ang pastulin ang mga mananampalataya ay napakahalaga para sa kanilang paglago sa dibinong buhay hanggang sa paggulang para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo—Efe. 4:12-16.

**III. Ang pagpapastol ay nakadepende sa pagtuturo; kung hindi tayo makapagtuturo, hindi tayo makapagpapastol—Mat. 28:19-20; 9:35-36:**

A. Ang pagpapastol at pagtuturo ay magkasama—Efe. 4:11.

B. Ang ating pagpapastol ay dapat palaging may pagtuturo, at ang ating pagtuturo ay dapat palaging may pagpapastol—Gawa 2:42; 20:28; Col. 1:28.

**IV. Kailangan nating lahat na makilala at maranasan si Kristo bilang Pastol ng ating kaluluwa—1 Ped. 2:25:**

A. Bilang Pastol ng ating kaluluwa, pinangangasiwaan ni Kristo ang ating panloob na kondisyon, pinangangalagaan ang sitwasyon ng ating panloob na katauhan:

1. Ang organikong pagpapastol ni Kristo ay pangunahing pinangangalagaan ang ating kaluluwa—Awit 23:3.
2. Pinapastol Niya tayo sa pamamagitan ng pangangalaga sa kapakanan ng ating kaluluwa at sa pamamagitan ng pag-eensayo ng pangangasiwa sa kondisyon ng ating panloob na katauhan—cf. Heb. 13:17.
3. Ang ganitong uri ng pagpapastol ay isang panloob, intrinsiko, organikong pag-aaliw—2 Cor. 1:3-4.

B. Dahil napakakumplikado ng ating kaluluwa, kailangan natin si Kristo, na siyang Espiritung nagbibigay-buhay sa ating espiritu, upang pastulin tayo sa ating kaluluwa, upang pangalagaan ang ating kaisipan, damdamin, at pagpapasya at lahat ng ating suliranin, pangangailangan, at sugat—Juan 14:16-17; 1 Cor. 15:45; 6:17:

1. Bilang ating malahanging Pastol, pinangangalagaan tayo ni Kristo mula sa loob ng ating espiritu:
   a. Ang Kanyang pagpapastol ay nagsisimula sa ating espiritu at lumalaganap sa bawat bahagi ng ating kaluluwa—Efe. 3:17.

b. Mula sa ating espiritu, inaabot ni Kristo ang lahat ng bahagi ng ating kaluluwa at pinangangalagaan tayo sa isang magiliw, organiko, nagpapaloob ng lahat na paraan—1 Tes. 5:23.

2. Ito ang panloob na pagpapastol ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos na napaging-isa at nailakip sa Kanyang mga isinilang na muling mananampalataya—2 Cor. 13:14; Juan 3:6; 14:20; Roma 8:16.

**V. Yaong mga pinapastol ang kawan ng Diyos ay dapat magpastol ayon sa Diyos—1 Ped. 5:2; Fil. 1:21a:**

A. Ang magpastol ayon sa Diyos ay ang magpastol ayon sa kalikasan, nais, paraan, at kaluwalhatian ng Diyos, hindi ayon sa ating pagpipili, interes, layunin, at disposisyon—2 Ped. 1:4; Efe. 1:5, 9; 3:21; Juan 14:6.

B. Ang *ayon sa Diyos* sa 1 Pedro 5:2 ay nangangahulugang ipinamumuhay natin ang Diyos; tanging yaong mga ipinamumuhay ang Diyos ang makapagpapastol ayon sa Diyos:

1. Ang ekonomiya ng Diyos ay ang isagawa ang Kanyang sarili tungo sa atin upang matanggap natin Siya bilang ating buhay at panustos-buhay upang maipamuhay Siya—Juan 11:25; 6:48, 57.
2. Tayo ay nakikilahok sa dibinong buhay at sa dibinong kalikasan upang maipamuhay natin ang Diyos sa ating pagkatao—Gal. 2:20.

C. Upang makapagpastol ayon sa Diyos, kailangan nating maging Diyos sa buhay, kalikasan, kahayagan, at pangsyon subalit hindi sa pagka-Diyos—Col. 3:4; 2 Ped. 1:4.

1. Kailangan nating mapunuan hanggang sa mag-umapaw ng dibinong buhay, tinatamasa ang Tres-unong Diyos bilang ang bukal, ang batis, at ang ilog upang maging totalidad ng dibinong buhay, maging dibinong buhay pa nga mismo—Juan 4:14; Col. 3:4.
2. Kailangan nating maging Diyos sa Kanyang mga katangian ng pag-ibig, liwanag, katuwiran, at kabanalan—1 Juan 4:8; 1:5; Roma 3:21, 25-26; Efe. 1:4; 5:27; 1 Ped. 1:15-16.
3. Kailangan nating maging pagpaparami ni Kristo, ang kahayagan ng Diyos, upang sa ating pagpapastol ay maihayag natin ang Diyos, hindi ang sarili kasama ang disposisyon at mga pagkakakatwa nito—Roma 8:19, 29; 2 Cor. 3:18; Mat. 16:24.
4. Kailangan nating maging Diyos sa Kanyang pangsyon ng pagpapastol sa kawan ng Diyos ayon sa kung ano Siya at ayon sa gol ng Kanyang ekonomiya—Efe. 1:10.

D. Kung magpapastol tayo ayon sa Diyos, kailangan nating maging kaisa ng Diyos—Juan 14:20; 1 Cor. 6:17:

1. Ang pangunahing prinsipyo ng Biblia ay yaong sa Kanyang ekonomiya ginagawang kaisa ng Diyos ang Kanyang sarili sa tao at ang tao na kaisa ng Diyos—Juan 15:4; 1 Cor. 6:17.
2. Ninanais ng Diyos na magkasamang maihugpong ang dibinong buhay at ang pantaong buhay upang maging isang buhay na may isang pamumuhay—Juan 6:57; Gal. 2:20.
3. Kapag tayo ay kaisa ng Diyos, tayo ay nagiging Diyos sa buhay at kalikasan at Diyos sa ating pagpapastol sa iba—1 Juan 5:11-12; 2 Ped. 1:4; 1 Ped. 5:2.

**VI. Upang makapagpastol ayon sa Diyos, kailangan nating mamuhay ng isang nagpapastol na buhay—Juan 21:15-17; 2 Cor. 6:1-13; 7:2-3:**

A. Lalo tayong nabubuoan ng Kristo, lalo tayong kusang-kusang mamumuhay ng isang nagpapastol na buhay dahil may isang nagpapastol na aspekto ang pagbubuo ng Kristo sa ating espiritwal na buhay—Col. 1:27; 3:10-11, 14; Juan 21:15-17.

B. Upang magkaroon ng isang nagpapastol na buhay, kailangan natin ng isang pusong napalawak, isang puso upang mayakap ang buong bayan ng Diyos—2 Cor. 6:11-13; 7:2-3; cf. 1 Hari 4:29.

C. Ang nagpapastol na buhay ay isang buhay na nagpapainit sa iba sa pamamagitan ng pagkakandili sa kanila sa pagkatao ni Hesus upang mapakain sila ng kayamanan ni Kristo sa pagkadibino ni Kristo—Efe. 5:29; Kaw. 25:15.

D. Ang isang nagpapastol na buhay ay isang umaangkop sa lahat na buhay, isang buhay na may kakayahang umangkop sa lahat ng sitwasyon, tumanggap ng anumang uri ng kapaligiran, at gumawa sa ilalim ng anumang kalagayan—2 Cor. 6:1-13; 7:2-3.

E. Kailangan nating pastulin ang kawan ng Diyos ayon sa mapagmahal at magiliw na puso ng ating Amang Diyos at ayon sa naghahanap at nagpapastol na espiritu ng ating Tagapagligtas na Kristo—Luc. 15:1-32.

**VII. Ang pagpapastol na nagtatayo ng Katawan ni Kristo ay mutuwal na pagpapastol—1 Cor. 12:23-26:**

A. Lahat tayo ay kailangang mapasailalim ng organikong pagpapastol ni Kristo at maging kaisa Niya upang magpastulan—Juan 21:15-17.

B. Tayo ay kapwa mga tupa at mga pastol, nagpapastol at pinapastol sa mutuwalidad.

C. Sa mutuwal na pagpapastol, nagpapastulan tayo sa loob ng pag-ibig—1 Cor. 13:1-13.

D. Sa pamamagitan ng ganitong mutuwal na pagpapastol, itatayo ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo ang sarili nito sa loob ng pag-ibig—Mat. 16:18; Efe. 1:22-23; 2:21-22; 4:16.

*© 2023 Living Stream Ministry*